# 1

Kanina pa nakatulala si Zia sa kisame ng kuwarto niya. A naughty smile formed on her lips as she remembered what happened last night. Para siyang naloloka sa inaasta niya. Kung may makakakita sa kanya, malamang mapagkakamalan talaga siyang nasapian.

*Nasapian ng malanding diyosa!* gatong ng kalahating bahagi ng utak niya.

Kailangan na nga niya sigurong magpatingin sa isang mahusay na psychiatrist kasi sa lahat yata ng na-devirginize ay siya lang iyong tuwang-tuwa at kinikilig sa tuwing naaalala ang mga naganap. Eh, bakit ba hindi siya matutuwa? Ikaw kaya ang makaranas ng sobrang sarap na sex sa mga bisig ng

isang napakaguwapong lalaki? Nararamdaman niya pa ang kiliting hatid ng stubble nito na mukhang ilang araw nang hindi naahitan. Kung ikaw man siguro ang malagay sa ganoong sitwasyon hindi mo na iisipin ang nawala sa iyo, bagkus iisipin at babalikan mo na lang ang bawat detalye ng mga naganap kasi iyon lang naman ang naiwan sa iyo.

Her hand landed between her thighs. She gently rubbed her vagina, pressing her cl*t with her middle finger. Hindi niya napigilang pumikit para namnamin ang ligayang hatid ng daliri niya sa harapan niya. Hindi pa nakuntento, tuluyan niyang ipinasok sa loob ng underwear ang daliri niya. She was right; she was already wet. Hindi na niya napigilan ang sarili niya. She finger-fucked herself.

At nagugustuhan niya ang bawat paglabas-masok ng daliri sa ari niya. Iniisip niyang daliri iyon ng lalaking nakaniig niya noong nakaraang gabi. She kept thrusting her middle finger in and out of her womanhood while her other hand was busy pleasuring her nipples alternately. Pakiramdam niya totoong may ka-sex siya.

Patawarin sana siya sa kabaliwang ginagawa niya. When she felt that she was near, binilisan niya ang paglalabas-masok ng daliri niya at lalong

inipit iyon nang maramdaman niyang malapit na malapit na siya sa sukdulan. She was panting as she climaxed.

Hindi pa bumabalik sa normal ang heartbeat niya nang may kumatok sa pinto.

“Zia!” Boses iyon ng best friend niyang si Gill.

Naghilamos lang siya saglit sa sariling banyo at lumabas na ng kuwarto niya. Dumerecho siya ng kusina kasi alam niyang naghihintay na roon si Gill.

Mabilis siyang napasugod sa mesa nang makita ang nakahaing almusal doon. Bilib talaga siya kay Gill pagdating sa pag-aasikaso sa pagkain.

Hindi niya naiwasang magkuwento habang nasa gitna sila ng masarap na almusal tungkol sa nangyari sa kanya. Ilang araw na niyang pinag-iisipan kung sasabihin kay Gill ang tungkol doon.

“Noon mo lang nakita pero nagpagalaw ka na agad?! My God, Zia! Hindi ko lang maintindihan kung bakit nandodoon ka sa kuwarto ng lalaking iyon. Anong alak ba ang ipinainom sa ’yo ng baklang Mar na ’yon at nawala sa tamang puwesto ’yang utak mo?”

“Hindi ko naman itinatanggi na kasalanan ko ’yon, ah. Well, it was partly my mistake,”

nakatungong sabi niya.

"Okay. Kalimutan na natin iyon. Pero, Zia, sana naman next time, mag-ingat ka. Paano kung masamang tao pala siya? Paano kung matapos kang pagsamantalahan ay patayin ka?"

"OA naman nito." Umirap siya sa kaibigan na nasa mood talaga ng panenermon sa kanya.

"Concerned lang ako." Bumaba na ang tono ng boses ni Gill at nakonsyensya si Zia dahil pinag-alala niya ang kaibigan na kung ituring siya ay para nang kapatid.

Saturday ngayon kaya late na silang nag-almusal. Magkasama sila sa iisang condo unit na minana ni Zia sa mag-asawang umampon sa kanya noong limang taong gulang pa lamang siya. Apat na taon nang namayapa ang mga magulang na kinagisnan. Simula noon ay mag-isa na lang siyang namuhay hanggang sa alukin niya si Gill na sa kanya na tumira kaya halos apat na taon na rin itong nasa poder niya.

Matagal nang nagtatrabaho si Gill bilang secretary sa orphanage na itinayo ng mga magulang niya kaya naman naging malapit silang magkaibigan ng babae. Tubong-probinsya ito at walang kamag-anak sa Maynila.

Pagkatapos mag-almusal ay niyaya niya ang kaibigan na mag-mall.

Matapos magbihis ay tumuloy na sila sa elevator. Namutla si Zia pagkapasok sa elevator car pero hindi siya nagpahalata sa kaibigan.

Palihim niyang sinulyapan ang lalaking may kausap sa cell phone nito.

"*You taste so good, honey!*" Parang tuksong paulit-ulit na naririnig niya ang mga katagang iyon. Para siyang bumabalik doon sa gabing magkapiling sila ng lalaki.

"Shit!" she whispered.

"What's wrong, Zia?" usisa ni Gill na nauliningan ang sinabi niya.

"Nothing, may nakalimutan lang ako."

Kanina pa tulala si Cainon sa loob ng sasakyan niyang nasa parking area ng mall na pinuntahan niya.

"Hindi ako puwedeng magkamali. Siya iyon," bulong ng lalaki sa sarili. Siguro ay pareho ang condo building nito at ni Marius.

Pinuntahan niya ang pinsan dahil may meeting sa isang kliyente na gusto niyang ito ang mag-handle at hindi niya ito ma-contact. Iyon pala ay

naiwan nito ang cell phone sa townhouse niya nang huli itong magpa-party roon. Akala raw nito ay nahulog iyon kung saan.

Ewan ba niya kung bakit kahinaan niya ang babaeng walang bahid ng makeup sa mukha. Ibang-iba ang babae kanina sa elevator sa babaeng nakaniig niya nang araw na iyon, subalit pareho lang ang epekto nito sa kanya. Pinaliligalig ng babae ang tibok ng puso niya.

Bawat haplos at ungol ay malinaw pa rin na umuukilkil sa utak ni Cainon. Bakit ba ayaw siyang tantanan ng alaalang iyon? Apektado pati sex life niya. Nawawalan siya ng ganang makipag-sex sa ibang babae. And the only reason that he could think of was that woman. She was a stranger who left him crazily drooling over that unforgettable night.

Zia believed that she's oozing with sex appeal. She claimed it. Kung tutuusin, hindi na niya kailangang maglagay ng kolorete sa mukha. Pero nang gabing iyon, she decided to put some makeup on her face. Ginatungan din siya ng mga kaibigan niya kaya mas lalo siyang nagkaroon ng lakas ng loob.

“Bakla, jam ulit tayo later,” bungad ni Mar nang sagutin niya ang tumutunog na cell phone.

“Uhm, puwede bang pass muna ako?” Bigla yata siyang kinabahan. Kapag pinaunlakan niya kasi ang kaibigan, may pakiramdam siyang makikita ulit niya ang lalaking laman ng puso’t isip niya.

“Hindi ko tatanggapin kahit ano pa ’yang excuse mo. Magpapakain daw si Lenra at bukas ay go-gora na siya.” Kaibigan din nila si Lenra na isang fashion consultant sa New Zealand. Pabalik-balik lang ito sa bansa. “Basta hihintayin ka namin.”

Hindi man lang siya binigyan ni Marius ng chance na makapagsalita ulit.

Ipinagpatuloy niya ang paghahanap ng damit na magugustuhan niya. Isang casual dress ang umagaw sa attention niya. Mabilis niya iyong nilapitan at tinawag ang sales assistant na malapit sa kanya.

“Miss, medium size nga nito.” Excited na siyang maisuot ang nasabing damit. Panigurado, maganda ang hulma niyon sa katawan niya.

“Hey, may napili ka na ba?” tawag niya kay Gill na parang may sinusundan ang mga mata.

Mabilis itong lumapit sa kanya.

“’Yong lalaki sa elevator kanina, nandito siya,

Zia."

"Sino?" painosenteng tanong niya.

"Hindi mo natatandaan? Iisa lang naman 'yong lalaki na nakasabay natin sa elevator, ah."

"Yes, may nakasabay nga tayo pero hindi ko naman kasi tinitigan ang mukha."

Pero sa loob-loob ni Zia, gusto niyang isigaw na ito ang lalaking laman ng panaginip niya gabi-gabi. Iba ang epekto sa kanya ng lalaki.

And for heaven's sake, she's becoming wet because of her crazy thoughts. Kailan pa ba inagiw ang utak niya?

Pagdating nila sa condo ay balisang hinanap ni Zia ang mga scratch paper kung saan doon niya paulit-ulit na sinubukang iguhit ang mukha ng lalaki. Hindi iyon dapat makita ni Gill dahil siguradong magdududa na ito kung sino talaga ang lalaking iyon sa buhay niya.

May pinong ngiting nakapaskil sa mga labi ni Cainon nang pumasok ang pinsang si Mar sa office niya. Muntik na siya nitong mahuli na parang baliw na ngumingiti mag-isa. Buti na lang naitago niya kaagad ang saya at kilig na nararamdaman.

"May meeting ba tayo?" kunot-noong tanong

niya rito, iniisip kung may appointment siya na nakalimutang ipaalala ng secretary. Creative consultant si Marius sa ad agency niya.

"Wala. Napadaan lang ako at kukumustahin na rin kita kung hindi ka pa ba nababaliw dito sa opisina mo."

*Malapit na!* gusto niyang itugon sa pinsan.

"Nakita mo naman, di ba? Okay ako kaya makakaalis ka na." Ang totoo ay gusto na niyang umalis si Mar para maipagpatuloy niya ang pag-i-imagine sa babaeng nakaniig.

"I'm going to throw a party. Puwede ko ba ulit gamitin ang bahay mo?"

Sinasabi na nga ba niya at may ibang agenda ang pinsan. "Sure. Hintayin mo lang na nasa kuwarto na ako bago mo sila patuluyin sa bahay."

Iyon lang at nagpaalam na ito.

Kanina pa natutukso si Cainon na bumaba para uminom ng tubig pero alam niyang nandoon ang mga kaibigan ng pinsan niyang si Mar. At alam niyang puro babae ang mga iyon. Hindi niya gusto ang ideya na may mga babaeng pakalat-kalat sa pamamahay niya.

Nang tumahimik ang bahay at masigurong

nakaalis na ang lahat ng mga bisita ay saka siya lumabas ng silid. He went down to the kitchen.

Medyo madilim sa kusina pero may naaninag siyang katawan na nakayupyop sa mesa.

*Ano'ng ginagawa ng babaeng ito dito sa ganitong dis-oras ng gabi?* tahimik na tanong ng binata sa sarili.

Lumapit siya rito.

Bahagyang umungol ang babae nang hawiin niya ang buhok na tumabing sa mukha nito. This time, walang bahid iyon ng makeup. He gently touched her face. Hindi niya napigilang mapatitig dito.

*She's the woman in the elevator! Siya rin 'yong nakita ko kanina sa mall.*

Ang babaeng ayaw siyang patahimikin. Para siyang hangin na hinila pabalik sa tagpo kung kailan tila sila lamang ang nagmamay-ari ng mundo.

Kahit galit sa mga kababaihan si Cainon ay may malambot pa ring bahagi ng puso niya na nakakaramdam ng habag. Mabilis niyang binuhat ang babae patungo sa guest room para makahiga ito nang maayos.

Bubuksan na sana ni Cainon ang pinto ng guest room nang isang kapilyuhan ang pumasok sa utak

niya.

He opened the door to his room and lay down her body on his bed. Lalong nabuhay ang alaga niya nang mapansin niyang nakabuka ang mga labi ng dalaga.

*Her lips look so familiar*.

Para siyang tinatangay sa kung saan sa tuwing tinititigan niya ang babae. Somewhere where they were naked, magkahugpong ang kani-kanilang katawan, at ninanamnam ang ligayang sila lamang ang may alam.

Because of that thought, Cainon touched her face using his thumb. God knows how much he controlled himself from doing stupid things, pero ang babaeng ito ay isang masarap na putahe na nakahain sa harapan niya at hindi siya santo para tiisin ang kumakalam niyang puson.

This was wrong. This was a mistake. Hindi alam ni Cainon kung gising pa ba ang babae. He kissed her forehead, her nose, and then her lips. Kusa iyong tumugon kaya walang pag-aalinlangang ipinasok niya ang dila sa loob ng bibig nito. Combination ng tequila at laway nito ang nalasahan niya.

*Hell! But she tastes like heaven*.

He deepened the kiss. Ginalugad niya nang

todo ang bibig nito, which made her moan. Lalo ring humigpit ang pagkakapulupot ng mga braso nito sa batok niya.

"So good…" sambit ng babae sa pagitan ng mga ungol nito.

Lalo siyang ginanahan sa ginagawa. He massaged her breasts while his tongue was busy sucking her nipple. Pinaglipat-lipat niya ang dila sa magkabilang tuktok. Alam niyang nasasarapan ang dalaga sa ginagawa niya sa klase nang pagliyad nito, kaya pinag-igihan niya pa ang ginagawa. Saglit niyang iniwan ang dibdib nito at tinungo ng dila niya ang flat nitong tiyan. Pinaikot niya ang dila sa paligid ng pusod hanggang sa dilaan niya ang gitna niyon.

Zia grabbed his hair. Wala siyang pakialam kung masaktan ang lalaki basta sobra siyang nasasarapan. Hindi na niya kaya. Gusto na niyang sumabog dahil sa sarap na nararamdaman. Mababaliw na siya. She wanted him so much.

"Come on, honey. Open your thighs for me," bulong nito.

Tila may sariling isip ang mga hita ni Zia at agad naghiwalay ang mga iyon.

Inamoy-amoy muna ng lalaki ang gitna niya bago nito iyon dilaan.

"F*ck! You're delicious!" Napapamura ang lalaki dahil sa bango ng kaulayaw.

He sucked at the soft flesh between her thighs. Tila ayaw bumitiw ng mga labi nito sa parteng iyon.

"Ohhh…" she murmured in delight. Pabiling-biling ang ulo ni Zia dahil sa ginagawa sa kanya nito.

He sucked and licked her until he heard her scream loudly.

# 2

He kissed her once more and finally let his manhood enter her. Masikip ito. But he managed to enter her fully. Nang maramdaman niyang handa na ito ay marahan siyang gumalaw habang hinahawi ang buhok ng dalaga na tumatabing sa mukha nito. Gusto niyang makita ang mukha nito habang magkalapat ang mga katawan nila. Bakit ba nakakabaliw ang babaeng ito? Pakiramdam niya nahuhulog na siya rito, pero mabilis niya ring isinantabi ang ideyang iyon. Hindi niya gustong sirain ang gabi nila dahil sa weird na nararamdaman.

"I like your lips. I love it when we kiss. Can I move faster now?"

"Go ahead, Mr.—"

"Call me Cainon, honey."

"Move faster, Cainon! Oh, sh*t!" sigaw nito.

Naging sunod-sunuran si Cainon. Mas binilisan niya pa ang pagbayo sa babae. Hindi rin niya tinantanan ang mga labi nito.

"Malapit na ako. Bilisan mo pa, please." Puno ng pakiusap ang tinig nito, lalong humigpit ang yakap sa kanya.

"Masusunod, honey. 'Andiyan na, sabay tayo." At sabay nga nilang narating ang rurok ng kaligayahan.

Kahit gaano pa kalamig ang kuwarto ay hindi niyon kayang pawiin ang init ng mga katawan nila. Bumagsak ang katawan ni Cainon sa kama, halos naliligo na siya sa sariling pawis.

"Thank you," Cainon lazily whispered. He was staring at the ceiling. Ibinaling niya ang tingin sa katabi nang hindi ito umimik.

"I said thank you."

"Thank you for what?" blangko ang expression na tanong nito. Naaaninag niya iyon sa tulong ng bedside lamp.

"Thank you for the night." Hindi kayang i-elaborate ang gustong sabihin, hinalikan niya na

lang ang babae. Kaakit-akit ang mukha nito. Ang sarap nitong halikan at titigan.

"Pangalawang beses na natin 'tong ginawa pero hindi pa natin pormal na kilala ang isa't isa," napabuntong-hiningang sabi niya. "I'm Cainon Silverio," he said. Magkasalikop ang mga kamay nila at nakapatong iyon sa kanyang tiyan.

"Zia—"

"Zia. Hmm… nice name. It suits your beautiful face." Dinala ni Cainon ang kamay ng dalaga sa bibig niya at dinampian iyon ng halik.

*This is not me. Hindi ako dapat makaramdam ng ganito. Tama nang pangalan lang niya ang alam ko. Wala akong balak na kilalanin siya nang lubusan.*

The feeling of emptiness assaulted him.

*"Don't let women ruin your life, son."*

Habang-buhay na yatang mananatili sa utak niya ang paalalang iyon na iniwan sa kanya ng ama. Tulad niya, takot rin itong magmahal muli matapos silang iwan ng mama niya. Ang ipinagkaiba nga lang nila, kailanman ay hindi nawala ang respeto ng ama niya sa kababaihan. Hindi nito ginagamit ang mga babae para punan ang sexual na pangangailangan.

Practical si Cainon pagdating sa bagay na iyon. He had needs that only women could provide. Pero

pakiramdam niya hindi lang sex ang kailangan niya kay Zia.

Humihikab pa si Gill nang pagbuksan siya nito ng pinto. May susi siya, pero naka-double lock kasi iyon. Nakonsyensya si Zia na ganoong oras na siya umuwi.

Madilim pa sa labas nang umalis siya sa townhouse ni Cainon para muling takasan ang isang gabi ng kabaliwan na ginawa niya.

"Sorry I'm late. Matulog ka na."

"I really don't mind waiting up for you. Pero dapat doon ka na lang nagpaumaga. It's not safe for you to drive home at this hour."

"I appreciate the concern, Gill." Sinundan niya ito papunta sa kusina at isinaksak ang electric kettle matapos iyong lagyan ng tubig. Kumuha siya ng tasa sa cupboard.

Nadismaya siya nang mapansing hindi kape kundi powdered milk ang inilagay ni Gill sa tasa niya.

"Maggatas ka." Ito na ang naglagay ng mainit na tubig sa tasa.

"Thanks."

"Matutulog na ako."

Pinilit niyang ubusin ang gatas kahit muntikan na siyang maduwal. Ayaw niya talaga ng lasa ng gatas.

Nagising si Zia dahil sa sinag ng araw na nanggagaling sa bintana ng kuwarto niya. Hindi masyadong nakasara ang kurtina kaya sumisilip ang liwanag doon.

Pasado alas diez na ng umaga ayon sa orasan na nasa bedside table niya. Siguradong nasa opisina na si Gill at nag-iisa na siya sa condo unit. Nasapo niya ang noo nang pagtayo niya ay parang umikot ang paligid.

*Oh, sh*t!* Marahang hinilot niya ang sentido.

Saka niya lang naaalala na nalasing nga pala siya kagabi. Kasabay niyon ang pagbalik sa alaala niya ng mga nangyari sa kuwartong pinanggalingan kagabi.

*Oh, no! Bakit hinayaan kong may mangyari na naman sa amin?!*

Bakit hinahayaan niya na mangyari ulit iyon? Hindi niya lubos na kilala ang lalaki. Tanging pangalan lamang nito ang alam niya.

*Cainon Silverio*. Ang lalaking kayang manipulahin ang katawan niya.

Ipinilig ng dalaga ang ulo niya sa pagbabakasakaling mawala sa isip niya ang lalaking iyon.

Mabilis ang mga hakbang ni Cainon papasok sa opisina niya bitbit ang attaché case. Kaunti na lang at late na kasi para sa meeting niya kay Mr. Win Hao, isang Chinese businessman na nagmamay-ari ng chain ng beach resorts. Sa agency niya ito lumapit para sa advertisement ng bagong bukas nitong resort sa Cebu.

"Rose, dumating na ba si Mr. Hao?" Bahagyang nagulat ang secretary sa boses niya.

"Wala pa, Sir, pero tumawag na po 'yung assistant niya. Padating na daw po," sabi ng dalaga na nasa early twenties nito.

"May napili na bang mga modelo si Marius?"

"Yes, Sir. Approved na rin po kay Sir Joseph," tukoy nito sa financial consultant ng firm.

"Okay, good."

"Gusto n'yo po bang makita 'yung portfolios n'ung models?"

"Mamaya na lang sakaling hingin ni Mr. Hao. Pakitawag na lang ako pagdating niya." Tumuloy na si Cainon sa corner office niya.

Pinilit ni Cainon na maging normal ang araw

na iyon para sa kanya. Pero kahit gaano siya ka-busy sa ginagawa ay hindi niya pa rin maiwasan na sumagi sa isip niya ang mukha ni Zia.

Ang umibig yata ang huling bagay na gagawin niya sa mundo. Blame it on his mom who left them ten years ago.

Pagkatapos ng meeting nila ni Mr. Hao ay dumaan si Cainon sa mesa ni Rose para ipaalam dito na inimbita sila ng Chinese sa bagong resort nito. Alam niyang matutuwa ang dalaga dahil taga-Cebu talaga ito. Anak ito ng second cousin ng daddy niya.

"Talaga, Sir?" Namimilog ang mga mata nito.

"Yes. Kaya maaga kang umuwi mamaya para makapag-empake ka."

"Ay, thank you! Makikita ko na rin sila Mama after one year." Sumasayaw-sayaw pa ito sa tuwa.

"May bago akong project, Zia. Isang linggo akong mawawala. Sa Cebu kasi ang location. Sumama ka kaya tutal matagal ka nang hindi nakakapag-vacation. O, ano? Sige na para naman hindi ako magmukhang timang doon."

Dahil sa pamimilit ni Gill ay napapayag siya nitong sumama.

Dumaan siya sa orphanage at hinabilinan si Pami, isa sa mga social worker nila, na ito na muna ang bahala sa lahat. Matanda na kasi ang administrator nila na si Miss Norie Reyes at malapit nang magretiro ang matanda.

Kung tutuusin ay hindi kailangang magtrabaho ni Zia. Sapat ang perang naiwan ng adoptive parents niya at may properties din ang mga ito na ipinangalan sa kanya. Hindi rin naman maituturing na trabaho ang ginagawa niya sa *Children of God Orphanage*. Kahit na siya ang Directress, may board siya na gumagawa ng major decisions at may project director din na tuwirang nangangasiwa sa institusyon.

Nagpapakaaktibo siya roon dahil ibinilin iyon sa kanya ng nakilalang ina bago ito namayapa. At nakikita niya ang sarili sa mga batang ulila at iniwan ng tunay na mga magulang.

Pasakay na sila ni Gill sa eroplano papuntang Cebu nang mapakapit siya sa kaibigan dahil muntik na siyang mabuwal. May sumagi kasi sa kanya. Base sa laki at tigas ng katawan, sigurado siyang lalaki.

*Hindi man lang humingi ng sorry.*

Malayo na ito nang mapatunghay siya at likod na lang nito ang naabutan ng tingin niya.

*Ang bastos ng hayop! Napaka-ungentleman! Ano'ng tingin niya sa akin, pader?*

"Okay ka lang, Zia?" tanong sa kanya ni Gill na nakasunod din ang tingin sa lalaking may kagagawan kung bakit siya nakangiwi.

"Okay lang ako. Buti na rin 'yong hindi ko nakita ang pagmumukha niya at baka maupakan ko lang siya."

Nakasimangot pa rin si Zia hanggang sa makapasok sila sa loob ng aircraft.

"Papangit ka niyan," biro sa kanya ni Gill.

Ipinikit na lamang niya ang mga mata. Parang pamilyar sa kanya ang likod ng taong nakabangga sa kanya. Binalewala na lang niya iyon. Baka epekto iyon ng lagi niyang pag-iisip sa lalaki. Imposible naman kasing mapadpad doon si Cainon.

Nagising si Zia nang tapikin siya ni Gill sa balikat.

"Nandito na tayo."

Humikab siya bago isinuot ang sunglasses at tumayo. Isinukbit niya pagkatapos ang dala-dalang backpack.

Kanina pa lihim na pinagmamasdan ni Cainon si Zia Winsley. Ito ang nabangga niya kanina sa airport. Sinadya niyang huwag humingi ng sorry.

Hindi pa siya handa sa muling pagtatagpo nila. Luckily, mukhang iisang hotel lang ang tutuluyan nila.

Naupo muna siya sa lounge area habang nagche-check in ang dalaga. Hindi na niya ito hiniwalayan ng tingin hanggang sa pumasok ito sa elevator. Maganda rin ang kasama nito at halos magkasing-tangkad lang ang dalawa pero para sa kanya ay mas kapansin-pansin ang angking ganda ni Zia. Ewan ba niya pero tila may magnet ito at ayaw humiwalay ng mga mata niya rito.

Pipihitin na sana ni Cainon ang seradura ng kuwartong tutuluyan pero may palad na pumatong sa kamay niya, tila nakikipag-unahan.

"Ikaw?!" Ang nanlalaking mga mata ni Zia ang sumalubong sa kanya. At namutla ito.

Ramdam ni Cainon ang mabilis na pagtibok ng puso niya. Hindi siya ito. Hindi siya ang tipong magpa-panic dahil lang may babaeng dumikit ang balat sa kanya.

Iba ang kabog ng dibdib niya. It was screaming different emotions but he was sure the loudest one must be love! It couldn't be!

Paano na lang ang pangako niya sa sarili na

hindi siya iibig kailanman? Women were just there for his sexual needs.

"Zia?"

His voice made her heart tremble in excitement and happiness. *Diyos ko po!*

Paano nagagawa ng lalaking ito na panghinain ang mga kalamnan niya?

"Uhm… I think, mali ka ng pinto na pinuntahan. Cainon, right?" kunwari ay panghuhula ni Zia sa pangalan nito. Kung may paligsahan lang sa pagpapanggap, panigurado, nominado na siya.

Tiningnan ng lalaki ang card na kasama ng susi na hawak nito.

"Sorry. Next door pa pala ang sa akin. Anyway, nice meeting you again. Small world, huh?"

"Oo nga, small world. Sige, pasok na ako."

Binuksan na rin ni Zia ang pinto ng silid niya at tumuloy roon.

Pumipili si Zia ng isusuot nang may mag-doorbell. Dali-dali siyang tumayo mula sa kama sa pag-aakalang si Gill iyon. Iniwan niya kasi ito sa café ng hotel kanina at halos thirty minutes na buhat nang umakyat siya sa kuwarto nila pero hindi pa rin ito sumusunod.

Natulos siya sa pagkakatayo nang hindi ang

kaibigan ang napagbuksan niya.

"Ikaw na naman? Ano ba ang kelangan mo?"

"This is what I want!" His lips landed on hers.

"Umm!" Pinakawalan siya nito. "Ano ba?!" reklamo niya sa kapreskuhan nito.

Pero hinapit lang siya ulit ng lalaki at mas mainit ang ginawang paghalik sa kanya.

Isang pasimpleng tikhim ang nagpatigil dito.

Namimilog ang mga mata ni Gill nang humarap sila rito ni Cainon. Halatang gulat na gulat ito sa eksenang inabutan.

"Ah, Gill, si Cainon Silverio. Cainon, si Gill, best friend ko."

Hindi agad nakaimik si Gill. "Zia, si Mr. Silverio ang boss ko. Siya ang may-ari ng *Ablaze Advertising*." Kaya pala tila nagulantang ito. Bumaling ang kaibigan sa lalaki. "We haven't been formally introduced, sir, pero nakasalubong ko kayo the first time I went to your office," paliwanag ni Gill. Iniabot nito ang kamay at tinanggap iyon ng lalaki. "Your secretary informed me that you own the agency."

"You mean, Gill is short for Virgillia?" A friendly smile formed on Cainon's lips. "Pleased to finally meet you."

"Nice to meet you, too, sir."

"Cainon, I'd love to stay on my doorstep and chat, but my friend and I are going out for dinner," Zia sarcastically said.

Pauyam din ang ngiti na isinukli ni Cainon. "Well, I have to go as well. Sorry sa abala."

Nang wala na si Cainon ay agad na hinarap ni Gill si Zia pagkasara nito ng pinto.

"So, you finally saw each other in broad daylight. Mabuti naman. Hindi 'yong palaging sa madilim na kuwarto kayo nagtatagpo."

Namula siya dahil sa tono ng kaibigan. "Paano mo nalaman na siya ang—"

"Oh, come on, Zia. Hindi ikaw ang tipo na basta magpapahalik sa kung sino. Kumusta naman ang tibok ng puso mo?"

Parang napipi siya.

"O, siya, 'wag mo nang sagutin. Halatang-halata naman. Ang bilis sumampay ng mga braso mo sa balikat niya, 'Day. A piece of advice lang, ha? Don't feed yourself too much hope na pareho kayo ng feelings sa isa't isa. Remember, sex is just a pastime to guys. Pero tayo, bilang babae pinapahalagahan natin ang bagay na iyon. Hindi man lahat sa 'tin pero karamihan.

"Di ba nga minsan, nai-in love tayo after sex? Because we believe it means something more. Kumbaga sa pagkain, hindi lang iyon simpleng sabaw, nilalagyan natin iyon ng laman. For us, sex is a big deal. Samantalang sila balls and ego lang nila ang lumalaki after sex." Sapol na sapol si Zia sa litanya ni Gill kaya nanahimik na lang siya.

# 3

Kanina pa nakababad ang mga paa niya sa dagat pero wala pang balak umahon si Zia. She was enjoying the small waves lapping up against her legs. Humiga siya sa buhanginan malapit sa tubig at ipinikit ang mga mata hanggang sa may maramdaman siyang umupo sa tabi niya. Kahit hindi niya imulat ang mga mata ay alam na alam niya kung sino iyon base sa lakas ng kalabog ng dibdib niya.

*Taray! Kilalang-kilala mo na siya*, tukso ng isang bahagi ng utak niya.

He held her hand and took it to his lips. He kissed it gently at isang libong kilig ang dala niyon sa kabuuan ni Zia. Kahit ilang ulit niyang pagsabihan

ang sarili na iwasan na ang lalaki ay kabaliktaran ang nangyayari sa tuwing lumalapit ito. Kapag nasa malapit si Cainon ay nakakalimutan niya kung paano siya pinalaki ng mga nakilalang magulang.

Nabubura ang mga pangaral ng mga ito tungkol sa pag-ibig. Na dapat hindi siya basta-basta magtitiwala sa mga kalalakihan.

"Malapit nang lumubog ang araw. Maybe you should get back to your room."

Bago pa siya makasagot ay naramdaman na niya ang paglalakbay ng mga labi nito sa nakalantad niyang balikat. Then, he nipped and licked her neck up to her earlobes. Nanganganib na talaga ang puso niya.

"Cainon…"

"What, honey?" sagot ng lalaki na hindi inilalayo ang bibig sa leeg niya.

"Not here, please." Naramdaman niyang binuhat siya ng lalaki at nang ibaba siya nito ay natagpuan niya ang sarili sa loob ng isang nipa cottage.

Sarado ang mga bintana at itinulak ni Cainon pasara ang pinto. Isang mesang yari sa kawayan ang hinihigaan niya.

Umupo si Zia at sinalubong siya ng halik ni

Cainon. Pinalalim nito ang halik. He savored the natural scent of her neck. Wala siya sa tamang katinuan para isipin na baka mag-iwan iyon ng marka sa leeg niya. Sarap na sarap siya sa ginagawa nito para isipin pa iyon. Patuloy na naglalakbay ang mga kamay nito sa katawan niya, tila may hinahanap. Hindi nagtagal ay natagpuan ng mga kamay iyon ang tunay na pakay. Itinulak siya ng lalaki pahiga sa mesa.

Cainon caressed her womanhood slowly. He kept thrusting his middle finger in and out of her. Kanina pa niya gustong tikman ang naglalaway na pagkababae ni Zia pero gusto niya pang takamin ang dalaga. Saglit niyang hinugot ang daliri niya at dinala iyon sa kanyang bibig. Puno iyon ng katas ng dalaga. After licking his finger clean, he returned it to her core and stroked her again.

"Ahhh… Cainon! Sige pa, please. Make it deeper please, malapit na ako! Ahhh…"

Pinaikot-ikot niya ang daliri sa loob nito. Then he continued pumping it in and out of her again.

"Ahhh… 'andiyan na. Sh*t! Cainon, ang sarap!" Nakatirik na ang mga mata ng dalaga.

Kitang-kita ni Cainon ang reaksyon nito dahil nakatayo siya sa bandang paanan ni Zia, nasa isang

dulo ng mesa ang puwetan nito, at nakapuwesto siya sa pagitan ng nakabuka nitong mga hita. Narating na naman nito ang sukdulan. He gently pulled his finger out of her softness. This time sa dalaga naman niya iyon isinubo. Hindi na nakapagpigil ang binata. Tigas na tigas na siya. His cock was like a wild animal wanting to escape from its cage.

Ibinangon niya si Zia at niyakap ito. He guided her hands to the buttons of his jeans. Kinalas nito iyon at bahagyang ibinaba ang pantalon niya, pati ang underwear niya. Tinulungan niya ito. He didn't need to protect her because Zia told him the first time they did it that she was on the pill.

She expertly massaged his c*ck and led it to her womanhood, which was waiting for his hardness.

Zia couldn't take it any longer. Hindi na niya namalayan kung kailan hinubad ni Cainon ang two-piece string swimsuit niya. Gusto na niyang madama ang kahabaan ni Cainon sa kaloob-looban niya. Napasinghap siya nang ipasok nito iyon sa kanya sa isang ulos. Nanibago siya sa sensasyon na dulot ng pag-iisa nila. Medyo masakit, kaya hindi muna siya gumalaw at nakiusap dito na huwag din munang kumilos. Panay ang himas ni Cainon sa matambok niyang pang upo na dumagdag lang sa

sarap na kanyang nadarama.

Hawak ng lalaki ang pang-upo niya. She moved up and down, pabilis nang pabilis, nakasuporta ang mga kamay nito sa kanya. Sa bawat galaw niya ay napapapikit siya sa sobrang sarap na nadarama. Naririnig din niya ang mahinang pag-ungol ng lalaki. She clamped her muscles around his hardness.

"Honey, ahhh…" ungol nito.

Hindi man lang siya nakakaramdam ng pagod kundi puro sarap lang.

"Cainon! Sabay tayo. Malapit na ako, Cainon."

Pero tinanggal ng binata sa pagkababae niya ang kahabaan nito at itinapat doon ang bibig matapos siyang iupo muli sa mesa. Nakaluhod na ito ngayon sa harapan niya. Kitang-kita niya kung paano sipsipin ni Cainon ang puti niyang katas. Umarko siya sa hawak nito nang sunud-sunod na paghagod ang ginawa nito sa cl*t niya.

"Cainon! S*it… eat me harder!"

"You're so delicious, honey. Masyado mo akong binabaliw. Now, it's my turn." Cainon rose to his feet and showered her face with small kisses. Pagkatapos ay iniyuko nito ang ulo para sipsipin nang todo ang tuktok ng kaliwang dibdib niya bago

ginawa iyon sa kabila.

Hinahabol ng dalaga ang hininga. Naramdaman niyang muli ang kahandaan nito sa bukana niya. He stretched her soft tissue and she wrapped her legs around his waist.

Ibinaon nito ang sarili sa kalambutan niya. Her toes curled in so much pleasure. Gusto na niyang sumabog sa sobrang sarap.

Ipinasok ni Cainon nang buong-buo ang pagkalalaki niya sa katawan ng kaulayaw. Their bodies clamped together at lumilikha iyon ng kakaibang tunog. Hindi nagtagal ay sabay silang sumabog at tila tinangay sila sa kalawakan. Pakiramdam nila ay kapwa nila narating ang langit dahil sa sarap na naranasan.

Matapos magpahinga sandali ay ibinihis nila ang mga basa pang kasuotan. Swimsuit lang at sarong ang dala ni Zia sa beach kanina. Mukhang naalala namang bitbitin ni Cainon ang manipis na sarong niya.

"Spend the night with me in my room, Zia."

Akmang tatayo na ang dalaga pero gumiwang ang mga binti niya. Maagap na sinalo siya ng binata.

"I'm sorry. Let me carry you, honey."

"Cainon, put me down. I can walk."

"Zia—"

"Promise, I can walk. I'm just a li'l bit sore down there." Mahina ang boses niya, parang noon pa nakaramdam ng hiya.

"Okay. Just tell me when you feel tired. Kakargahin talaga kita. But I think I'd better deliver you to your hotel room."

Napatingin siya kay Cainon. Ibig bang sabihin nagbago na ang isip nito at…

"Alam mo ba kung gaano kita kagustong angkinin ulit ngayon? Pero magiging makasarili ako kung gagawin ko 'yon. You're sore, for heaven's sake. At di ko maipapangakong walang mangyayari kung sa hotel room ko ikaw dadalhin." Saka nito pinakawalan ang mapanuksong ngiti.

"Another shot of tequila please," hingi ni Zia ng inumin sa bartender.

Kanina pa niya gustong umakyat sa hotel room nila ni Gill, pero hindi siya makakuha ng tiyempo na magpaalam sa kaibigan na nag-e-enjoy pa sa party na ihinanda ni Mr. Hao, ang may-ari ng hotel and resort na kinaroroonan nila. May male model na nakadikit kay Gill at mukhang interesado ito sa best friend niya. Kanina pa nagsasayaw ang mga

ito.

Nakatutok ang tingin niya sa dancefloor kaya napansin niya. Pero sa isang pares talaga ng nagsasayaw nakatuon ang pansin niya. Malambing na sumusunod ang magkalapat na mga katawan ng dalawa sa musika. Kahit nanlalabo na ang mga paningin niya dahil sa tama ng alak ay hindi siya maaaring magkamali kung sino ang lalaking iyon.

“Kanina ka pa titig na titig sa kanya. Type mo ang boss ko, ’no?” Inubos nito ang inumin sa harap nito at humingi ulit sa bartender.

Napatingin si Zia sa nagsalita sa tagiliran niya. Mukhang matagal na itong nakaupo sa tabi niya. “Boss mo siya?” kunwa’y di interesadong tanong niya.

“Yup. At magpinsan din kami kaya matagal ko nang bistado ’yang si Sir Cainon.”

“You call him ‘sir’ kahit magpinsan kayo?”

Tumango ito. “I don’t mind. Anyway, ingat ka diyan. I’m Rose, by the way.”

Ngumiti siya rito. “Zia. Wala ba talagang sineryosong babae ang pinsan mo?”

Nagkibit-balikat ang kausap. “Sa pagkakaalam ko, wala pa. Pero malay natin, may babaeng makakapagpatino sa kanya.”

Hindi siguro siya ang babaeng iyon. Parang minamartilyo ang puso ni Zia sa kirot na naramdaman.

Sa tuwing mag-aalok ang bartender ng alak ay hindi niya iyon tinatanggihan.

"Bakit ba ang sakit kapag 'yong pagmamahal mo walang kapalit?" Ganoon na ba siya kalasing at kung ano-ano na ang lumalabas sa bibig niya?

"Easy lang, girl. Baka hindi ka makaakyat niyan sa kuwarto mo," sabi sa kanya ni Rose.

She was about to ask for another shot when someone grabbed her hand. Next thing Zia knew she was being carried somewhere.

"Put me down! Take your hands off me! I hate you, Cainon! I really hate you!" Pinagbabayo niya ang dibdib nito.

"Zip your scandalous mouth, Zia! Mamaya ka na mag-ingay!" Pumasok sila sa elevator.

"Put me down, you bastard!" she hysterically shouted at him. Pero walang pakialam ang lalaki.

Hindi nagtagal ay pumasok sila sa isang silid at narinig niyang sinipa nito pasara ang pinto. Inilapag siya nito sa kama at agad siyang kinuyumos ng halik sa mga labi.

"Next time ayoko nang makitang

nagpapakalasing ka at pinababayaan ang sarili mo sa ganoong lugar. What if may tarantadong lumapit sa 'yo at dinala ka sa kung saan, ha, Zia?"

"Eh, di mabuti! Sana nga, 'yon na lang ang nangyari sa akin kanina." Itinulak niya ito at bumangon paupo sa kama. Nabigla siya nang yakapin siya ni Cainon nang mahigpit. "Let go of me. Nasasaktan ako, ano ba!"

"I won't let another man get near you. Naiintindihan mo ba?"

*Kung alam mo lang na ikaw ang dahilan nang pagpapakalasing ko, ano kaya ang magiging reaction mo?*

Napilitang mahiga muli si Zia nang makaramdam ng pagkahilo.

Hindi makapaniwala si Cainon sa mga salitang lumabas sa bibig niya. Alam niyang concerned siya sa dalaga, pero hindi niya dapat iyon iparamdam dito. Baka kasi umasa ito. Kabisado niya ang ugali ng mga babae. Once na bigyan mo ng kaunting affection, aasa na ang mga ito na mauuwi iyon sa pagmamahal. At hindi niya puwedeng mahalin si Zia. Ayaw niyang maging biktima ito ng galit niya sa mga kababaihan.

Paglingon niya sa kama ay nakita niyang nakatulog na ang dalaga. Nakalaylay pa ang isang paa nito sa gilid ng kama. Suot-suot pa nito ang red sandals. Marahan niya itong nilapitan at lumuhod siya sa sahig para tanggalin ang sandals nito. Hindi niya alam pero awtomatikong humaplos ang palad niya sa napakakinis nitong binti. Yumuko siya para gawaran ng halik ang paa nito. Nababaliw na nga yata siya.

*Baka nga nabihag mo na ang puso ko, Zia. Pero hindi puwede…*

Tumayo na siya at iniayos ng higa si Zia sa kama. He gently touched her face. Halos hindi niya maihiwalay ang mga mata sa kakatitig sa natutulog na dalaga. Alam niyang maraming nagbago sa kanya.

Tumayo siya at hinanap ang bag nito. Nang matagpuan iyon ay tiningnan niya kung may makeup remover doon o anuman. Isang pakete ng wet tissue ang nakita niya. Dinala niya iyon sa kama.

"Mas maganda ka kapag walang makeup," kausap niya sa natutulog na dalaga kahit alam niyang hindi siya naririnig nito. He gently removed her makeup using some wet wipes. Hindi ito

nagising.

Binihisan niya na rin ito ng isang T-shirt niya at pagkatapos ay nahiga na siya sa tabi ni Zia.

Hindi alam ni Cainon kung gaano katagal siyang nakatitig sa ceiling ng kanyang hotel room. Hindi siya dalawin ng antok. Bumaling siya sa puwesto ni Zia. At nahigit niya ang hininga nang makitang nakatagilid na ito paharap sa kanya. Muntik pang magbanggaan ang mga labi nila. Narinig niyang umungol ang dalaga na tila ba iniaalok sa kanya ang mga labi nito. Napalunok si Cainon.

Hindi na niya kayang kontrolin ang sarili. Kusa nang umusad nang kaunti ang bibig niya para abutin ang naghihintay na mga labi ng dalaga.

Huli na para umurong siya. Sakop na niya ang labi ng babae. He let his lips move faster than normal. Nadadarang na siya lalo na nang maramdaman niyang gumagalaw na rin ang mga labi ng dalaga.

Lalong lumalim ang halikan nila. He grabbed her waist para lalo itong madikit sa katawan niya. He was about to stop kissing her when Zia ran her hand through his hair and moaned. Doon nabuhay lahat ng ugat sa katawan niya. Para siyang tuyong cogon grass na sinindihan at agad lumiyab.

"Sh*t, Zia, stop torturing me. You're just drunk!"

"No. I want you, Cainon. *I love you*."

Those three last words really shocked him.

Kumalas siya sa babae at agad bumangon.

"I think you should go back to your room, Zia."

Parang binuhusan siya ng napakalamig na tubig sa sinabi nito. Hindi siya puwedeng mahalin ni Zia. Alam niya sa sarili na hindi niya kayang suklian ang pagmamahal na iyon.

Nagtungo siya sa banyo at nag-shower. Paglabas niya ay wala na sa silid si Zia. Baka kung naroon pa ito ay niyakap niya ito nang mahigpit, humingi ng tawad dito, at sinabing mahal niya rin ito.

Pero duwag siya. Hindi niya kayang labanan ang takot at pagdududa sa kanyang puso. Ayaw niyang makipagsapalaran. At paano kung masaktan niya lang ang dalaga?

Zia was a good woman. Ang katulad nito ay hindi nararapat sa isang katulad niya na walang tiwala sa mga kababaihan. Ang katulad nito ay hindi puwedeng pag-eksperimentuhan na kapag hindi niya na kailangan ay puwede na niyang iwan.

Umuwi sila ng Manila na parang hindi magkakilala. Hindi na rin siya pinapansin ng

dalaga buong panahong nasa resort sila. Pabor iyon kay Cainon. Hindi na niya kailangang iwasan ang babae kasi ito na mismo ang umiwas sa kanya. Pero may mga pagkakataong hindi maiwasang magtagpo ang mga mata nila, katulad ngayon. Magkalapit lang ang mga upuan nila sa eroplano. Pero ang mga titig ni Zia ay parang nababalutan na ng yelo. Wala na ang dating nakakadarang na sulyap nito.

# 4

Isang linggo na buhat nang makauwi sila ng Manila galing Cebu nang punahin siya ni Gill. "Nangangalumata ka 'ata. Walang tulog?"

Tinanggal ni Zia ang salamin sa mata at tumingin nang patamad kay Gill. Hindi na niya kailangang magpaliwanag sa babae. Alam nito kung gaano sila ka-busy sa orphanage.

"Zia, four years ka nang sobrang involved sa orphanage, pero ngayon lang kita nakitang ganyan ka-stressed. 'Yon lang ba talaga ang dahilan?" Tumabi ito sa kanya sa sofa sa living room nila.

"Wala nang iba. Nadadalas ang meeting kasama ang Board kasi nga magtatayo ng bagong branch sa Parañaque. Kailangan lang ng personal

supervision ko. Ayoko namang iasa kay Phil 'yong ganoong obligasyon. Nakakahiya doon sa tao. Hindi na nagka-love life dahil sa ka-busy-han niya sa orphanage." Ang project coordinator na si Phillip Santiago ang tinutukoy niya.

"Hindi na nagka-love life kasi lagi mong binabasted," nakatikwas ang kilay na sagot ni Gill.

"Gill! Alam mo naman na kapatid lang talaga ang turing ko doon sa tao. Wait, ano kaya kung i-setup ko kayong dalawa? Try lang natin, malay mo kayo pala ang nakatadhana." Pilyang kinurot ni Zia sa tagiliran ng kaibigan.

"Setup ka diyan! Ang tagal na naming magkakilala n'ung tao! Baliw ka talaga. At saka bago mo ako bigyan ng pag-ibig, ayusin mo muna 'yang sarili mo. Forget Cainon. Move on na, girl. Ayoko sanang sabihin 'to sa 'yo, pero nakita ko si Kumag the other day na may kayakap na babae."

"Kumag?" Di niya ipinahalata na apektado siya. "Di ba boss mo siya?"

"But you're my best friend. Last week lang ay hindi kayo mapaghiwalay 'tapos makikita ko siyang may kasamang iba. Ano ba talaga ang nangyari? Hindi ka naman kasi nagkukuwento."

Lalo lang nadagdagan ang sama ng loob ni

Zia kay Cainon dahil sa ibinalita ni Gill. Siguro nga balewala lang sa lalaki ang lahat ng nangyari sa kanila. Masyado lang siyang masaya noong kasama niya ito kaya nag-assume siyang may nararamdaman din sa kanya ang lalaki. Hindi niya man lang naisip na hanggang kama lang pala ang relasyon nilang dalawa. Ngayon niya lang naisip na ang laki-laki niya palang tanga na basta siya nagpatangay sa damdamin niya.

Isinubsob ni Zia ang sarili sa pamamahala sa *Children of God Orphanage*. Halos hindi na siya namamasyal o nagsa-shopping na dati ay libangan nila ni Gill. Si Phillip ang matiyagang naghahatid ng lunch niya pati na rin ng dinner pag nakakalimutan niyang kumain at inaabot siya ng gabi sa opisina. Hindi ito umaalis hangga't naroon pa siya. Tahimik lang ang lalaki, ni minsan hindi ito nag-usisa sa ipinagkakaganoon niya. Siguro ay may idea na ito.

"'Andito lang ako lagi para sa 'yo, Zia. Don't worry, I know my boundaries." Hindi rin nakatiis ang lalaki sa pananahimik.

"Sorry, Phil, pati ikaw pinag-aalala ko. Kung puwede nga lang turuan ang puso ko, sana ikaw na lang ang minahal ko. Alam kong makakahanap ka rin ng para sa 'yo."

"Huwag mong problemahin ang love life ko. Masaya na ako sa ganito. Well, kung may dumating man sana 'yong panghabang-buhay na," nakangiting tugon sa kanya ng binata.

Paglabas ng opisina, nakumbinsi siya ni Phil na kumain sa paborito nilang restaurant. Pinili nila ang table na nakapuwesto malapit sa glass wall kaya malaya nilang nakikita ang mga naglalakad mula sa mga kalapit na buildings at establishments. Oras na ng uwian kaya halos mapuno ang nasabing kainan. Bukod kasi sa masasarap ang putahe ay very affordable pa.

"Masarap talaga ang pagkain nila dito, 'no? Itong lumpiang sariwa,' gusto kong aralin kung paano gumawa," ani Phillip.

Naramdaman ni Zia ang pagtitig at pagtataka nito nang hindi man lang siya umimik, at nanatiling nakatingin lang sa pintuan ng restaurant.

"Hey, what's wrong?" usisa ng binata.

"Totoo nga ang ibinalita sa 'kin ni Gill na may bagong babae na namang nilalandi si Cainon. Ang kapal ng pagmumukha ng hayop!" nanggagalaiting litanya niya.

"Zia, hindi lang siya ang lalaki sa mundo. Kung mahal ka niya, hindi siya gagawa ng ikasasama ng

loob mo. Gago ba siya o sobrang manhid lang niya? Huwag niya lang hintaying magkasalubong kami. Baka mabasag ko ang pagmumukha niya."

"Huwag ka nang mag-abala. He's not worth it."

"I'll settle our bill." Kinawayan ni Phil ang nasa malapit lang na waitress. Hinayaan na ni Zia na ito ang magbayad dahil ire-reimburse naman nila iyon.

Pagkatapos magbayad ay sabay na silang tumayo. Inalalayan pa siya ng lalaki sa siko hanggang sa makarating sila sa parking lot. Mapagkakamalan siguro silang real couple. Buti na lang at gentleman si Phillip. Hindi siguro siya nakaalis ng restaurant nang buo ang dignidad kung hindi siya inalalayan nito.

"Thanks, Phil. Salamat sa pag-invite sa akin na mag-dinner at sa paghahatid."

Ngumiti lang ang binata at kumaway sa kanya bago muling pinaandar ang sasakyan nito.

Nagpalit lang ng damit si Zia, naglinis ng katawan, at nag-toothbrush saka dumerecho na ng higa. Pagod na pagod ang pakiramdam niya. Para siyang nalalantang gulay. Ito na siguro ang kapalit ng ilang araw niyang pagpupuyat. Unti-unting pumikit ang mga mata niya kasabay ng pag-alpas

ng luha mula sa mga iyon.

Parang sirang plaka na paulit-ulit na bumabalik sa isip niya ang masasayang araw nila ni Cainon at ang pag-iwan nito sa kanya. Parang tinatadtad nang pinong-pino ang puso niya.

"Thank you, Letty. You know, matagal na rin akong hindi lumalabas." Ang huling beses na lumabas siya ay noong nakipag-dinner siya sa isang high school mate at nakita niya si Zia na may kasamang lalaki. They were going to a class reunion. Nagkataon lang na maaga sila ng babae sa venue at niyaya siya nitong kumain dahil nagugutom na raw ito. That was a week ago. Matagal na iyon sa kanya.

"Ano ka ba, Cai. Ako ang nangailangan ng tulong mo kaya ako dapat ang nagpapasalamat sa 'yo. Pasensya na kung madalas lumalapit lang ako pag kailangan ko ng tulong. Promise, pag ikaw naman ang nagkaproblema, 'andito lang ako. Kahit gaano pa ako ka-busy, pupuntahan agad kita."

"Kay Greg ka lang naman naging busy sa mga nakalipas na taon," nang-aasar na sagot ni Cainon na ginantihan ng babae ng isang nakamamatay na irap.

Pinaharurot ni Cainon ang sasakyan nang

masiguradong nakapasok na si Letty sa bahay nito.

Pagdating niya sa bahay ay dumerecho siya sa mini bar sa living room at nagsalin ng vodka sa shot glass. Pumayag siyang lumabas kasama si Letty upang kahit papaano ay maibsan ang selos na nararamdaman niya sa tuwing naaalala niya si Zia na may kasamang ibang lalaki. Nahihiya siyang aminin maski pa sa sarili na umiibig na nga siya sa babae.

Noong una, hindi siya sigurado sa nararamdaman dito, pero nang makita niya itong masayang nakikipag-usap sa lalaking kasabay nitong kumakain sa restaurant ay tila binaril siya nang ilang beses sa dibdib.

Naalimpungatan si Zia nang marinig ang pag-iingay ng cell phone niya. Naka-set kasi ang alarm clock niyon. Kailangan niyang gumising nang maaga kasi isasabay na siya ni Phil papasok. Paano ay iniwan niya ang kotse kagabi sa building nila. Tinatamad man ay pinilit niyang bumangon para ipagluto ng almusal ang sarili. Wala kasi si Gill. May bagong project ito at out of town ang pictorial. Nag-hire na rin siya ng bagong secretary dahil nadadalas ang pagtanggap ni Gill sa modeling

projects. Ayaw naman niyang pigilan ang kaibigan lalo na at alam niyang mas nag-e-enjoy ito sa career nito.

Nagtitimpla siya ng kape nang tumunog ang doorbell. Hindi pa siya nakakapagsuklay o nakakapaghilamos man lamang pero wala siyang pakialam. Si Phil lang naman iyon.

Halos hindi siya makahinga habang yakap siya ng lalaking pinagbuksan niya ng pinto. Hindi pa nakakabawi si Zia sa gulat ay kinuyumos na nito ng halik ang bibig niya. Parang tuod siya sa pagkakatayo.

"I miss you. I really miss you, Zia. Sorry, alam kong kasalanan ko." Lumuhod ang lalaki, pero bago pa siya makasagot ay may tumikhim na sa bandang pintuan.

It was Phillip.

Mabilis na tumayo si Cainon at hinarap ang bagong dating. Pagkakita sa lalaki ay mabilis pa sa kidlat na umalis ito ng unit niya habang nakakuyom ang mga kamay.

Nilapitan siya ni Phillip pagkasara nito ng pinto. Itinaas nito ang kanang kamay. "High five! Ang galing talaga ng timing ko, 'no? I told you ma-re-realize rin niya kung gaano kahalaga ang

pinakawalan niya. Sino ngayon ang pinapatay ng sariling selos?"

Bahagya lang niyang idinikit ang palad sa palad nito.

"Mahal ko pa rin siya, Phil. Mahal na mahal."

Ang kaninang masayang mukha ni Phillip ay nalambungan ng kalungkutan at hindi iyon nakaligtas sa mga mata ni Zia. Hinila niya ang binata papuntang kusina at ipinagtimpla rin ito ng kape.

Pagpasok ni Zia sa office niya ay isang bungkos ng red roses ang bumungad sa kanya. Kahit hindi siya manalamin ay alam niyang namumula ang mga pisngi niya dahil sa kilig na nararamdaman.

"Mukhang seryoso talaga sa pakikipagbati ang ex mo, ah," tukso ni Phillip na nakasunod pala sa kanya.

"Alam mo naman 'yong feelings ko sa kanya, pero ayoko munang umasa, Phil. Nanggaling na ako roon sa point na nasaktan. I think this time kelangan ko munang pag-isipan 'to."

"Good decision. Minsan ang tao kailangan munang masaktan at mabigo bago matuto."

"At isa ako do'n. Ang tanga-tanga ko lang

na mabilis kong ibinigay ang sarili ko sa kanya kahit walang kasiguraduhan kung pareho ba ang nararamdaman namin."

"I saw the love in his eyes, Zia. Lalaki rin ako kaya alam kong totoo ang nararamdaman niya sa 'yo. Kahit masakit para sa 'kin, tatanggapin ko nang siya ang nararapat sa 'yo. Don't worry, 'andito pa rin ako para sa 'yo. Walang magbabago doon. Ang friendship natin mananatiling buo iyon, okay?" Kinabig siya nito saka hinalikan sa ulo.

She couldn't remember a time when Phil was that touchy-feely with her. Siguro nga ay naging mas close sila nitong nakaraang mga araw.

Buong maghapon na halos si Cainon lang ang laman ng isip ni Zia. Masyadong ginugulo ng lalaki ang sistema niya. Hindi na normal ang mga nangyayari sa kanya. Kailangan niya na bang kausapin nang masinsinan ang lalaki? Hindi ba siya magmumukhang mababa sa paningin nito kapag ginawa niya iyon? O humahanap lang ba siya ng dahilan para muli silang magkita at magkaroon ng komunikasyon?

Five thirty pa lang ng hapon ay nagligpit na si Zia ng mga gamit niya. Karaniwan ay alas ocho siya ng gabi umaalis. She badly needed a rest.

Nagpaalam siya kay Phil na mauuna nang umuwi. Ang sabi ng lalaki ay alas siete ng gabi pa ito lalabas ng opisina.

Bago pa niya maisuksok ang susi sa doorknob ng unit niya ay may mga yabag na siyang narinig na papalapit.

"Ano'ng ginagawa mo dito?"

"You look pale, Zia. Pinababayaan mo ba ang sarili mo?" Parang may galit sa tinig nito.

"Pagod lang ako, Cainon. You don't have the right to worry about me. Makakaalis ka na."

"Zia… I'm sorry. Sobrang mahirap ba sa 'yo na patawarin ako? Na tanggapin ulit ako?"

"Dapat tinanong mo 'yan sa sarili mo noon bago mo ako iniwan at bago ka nangalabit ng iba! Inaamin kong ang tanga-tanga ko! Ang tanga ko kasi ang laki agad ng tiwala na binigay ko sa 'yo. Umalis ka na, please."

"Hindi ako aalis dito hangga't hindi mo ako pinapatawad. Hangga't hindi mo ako tinatanggap ulit. Please, magsimula ulit tayo." Niyakap siya ng lalaki. Hindi siya gumanti. Mayamaya ay inilapat ng lalaki ang bibig nito sa bibig niya.

Ito ang unang bumitiw. Siguro dahil ni hindi siya gumagalaw sa mga bisig nito. Tapos na ang

halik, pero ilang segundo pa ang lumipas bago niya iminulat ang mga mata. She was scared that Cainon would read her real feelings.

Pinunasan ni Cainon ang mga luhang gumulong sa mga pisngi niya bago siya nito niyakap ulit nang mahigpit.

"I'm sorry if I hurt you. Patawarin mo ako." Tumalikod na ang lalaki.

Inilagay ni Cainon ang mga plato sa dining table. Nilapitan siya ni Marithe at tinulungan siyang magsandok ng pagkain.

Anak si Marithe ng matalik na kaibigan ng kanyang ama.

"Why are you staring at me, Cainon? Don't tell me may romantic feelings ka na sa 'kin? Magpapamisa ako kapag nagkagano'n," natatawang biro ng babae.

"Ganoon ba katagal akong nakatitig sa 'yo, Marithe?"

Nakangiting tumango ang dalaga. "But don't you worry, hindi ako mag-a-assume. At alam kong lampas ang tingin mo."

"Okay lang na mag-assume ka, Marithe, because I do love you."

Hinampas siya nito. "'Yan ka na naman, eh. Pinapaasa mo na naman ako. Cainon, magpakatotoo ka nga sa sarili mo. Alam na alam kong hanggang kaibigan lang ang puwesto ko diyan sa puso mo. Na kahit mag-tumbling ako sa harapan mo magdamag walang magbabago sa nararamdaman mo.

"Pero alam mo ba kung bakit hanggang ngayon nanatili ako sa tabi mo? Kasi mahalaga ka sa akin. At gusto kong ma-realize mo na hindi lang kami pangkama. Na hindi lang sex ang kaya naming ibigay sa inyong mga kalalakihan tulad ng paniniwala mo. Marami pa rin kami na dadamayan kayong mga lalaki sa oras na kailangan n'yo kami. Sana ma-realize mo 'yan bago pa tuluyang mawala sa 'yo si Zia."

Naging bisita niya ang babae isang umaga at naabutan siya nitong naglalasing sa halip na nag-aalmusal. Natagpuan ni Cainon ang sarili na ikinukuwento kay Marithe ang tungkol kay Zia.

Hinubad ni Zia ang maxi dress niya hanggang sa ang one piece swimsuit na lang niya ang natira sa katawan. Tiniis niya ang lamig na nanuot sa katawan dala ng panggabing hangin saka lumusong sa mababaw na bahagi ng swimming

pool. Nagbakasyon siya sa isang resort sa Bohol nang hindi nagpapaalam kay Gill o kay Phillip. Nag-iwan lang siya ng message sa lalaki na hindi muna siya papasok sa opisina dahil gusto niyang magpahinga.

Medyo madilim sa kinaroroonan niya, bahagya lang kasi iyong naaabot ng liwanag na nanggagaling sa decorative lighting ng resort.

Inilubog niya ang sarili sa tubig bago nag-floating. Bata pa lang ay natuto na siyang maglangoy dahil in-enroll siya ng mga nakagisnang magulang sa swimming lessons. Madalas din silang nagbabakasyon noon sa mga lugar na may dagat.

Pagkaalala sa mga magulang ay naimulat niya ang mga mata. Ang maliwanag na buwan at kumikislap na mga bituin ang natanaw niya.

Sana ay nandito ang mga magulang niya para kahit papaano ay hindi niya masyadong iniisip ang masakit na nangyari sa kanya. Sana ay buhay pa ang mga ito at may mapagkukuwentuhan siya kung gaano siya nasasaktan ngayon.